Mga Gamot sa Hika

May dalawang pangunahing uri ng mga gamot para sa hika. Ang mga ito ay tinatawag na Quick-Relief (pang-sagip) Medicines at Controller Medicines.

Quick-Relief Medicines

Ang lahat ng may hika ay nangangailangan ng isang mabilis na may bisang inhaler. Ang mabilis na may bisang gamot:

- Ay mabilis na umeepekto upang gawing mas madali para sa iyo na huminga
  - Ay nakakatulong buksan ang iyong mga daanan ng hangin
- Ay dapat gamitin ayon sa iniutos ng iyong doktor

Isang Metered-Dose Asthma Inhaler

Controller Medicines

Karamihan ng mga taong may hika ay nangangailangan din ng isa o higit pang mga controller medicines.

- Ang ilang controller medicines ay nakakatulong bawasan ang pamamaga sa loob ng mga daanan ng hangin.
- Ang ibang controller medicines ay nakakatulong na irelaks ang mga kalamnan na pumipisil sa mga daanan ng hangin.

Ang controller medicines:

- Ay maaaring bawasan ang bilang ng mga atake at tumutulong sa iyo na kontrolahin ang iyong mga sintomas.
- Ay iniinom bawat araw, ayon sa iniutos ng iyong doktor. Inumin sila kahit na mahusay ang iyong pakiramdam.

Mga Tip:

- Laging dalhin ang iyong quick-relief inhaler saan ka man magpunta.
- Bumuo kayo ng iyong doktor ng isang Planong Aksiyon para sa hika sa sumunod na pagpunta mo sa doktor. Ito ay:
  - Magsasabi sa iyo kung kailan at kung paano iinumin ang bawat gamot
  - Magkakaroon ng mga tagubilin kung kailan dapat humingi ng tulong o tumawag sa iyong doktor
  - Makakatulong sa iyo na pamahalaan ang iyong hika bawat araw

GlaxoSmithKline

©2006 Ang GlaxoSmithKline Grupo ng mga Kompanya Lahat ng mga karapatan ay nakalaan. Ipinalimbag sa USA. MCM073R0_Tag Hunyo 2006